

# Tagalog-Waray Connection: Ang Tugma at Sukat ng Tula at Siday

---

Jerry B. Gracío

**S**a nakaraang dalawang taon, ang Talaang Ginto: Gawad Surian sa Tula—ang isa sa pinakamatandang timpalak pampanitikan sa bansa—ay hindi na tumatanggap ng mga lahok na nasa malayang taludturan. Para manalo sa naturang kontes at itanghal na Makata ng Taon (*Poet of the Year*)<sup>1</sup>, kailangan mong sumunod sa istriktong batas hinggil sa sukat at tugma na nasa antas tudlikan.

Sisiw lang ang panuntunang ito sa mga makata mula sa Bulacan, Nueva Ecija, at mga lalawigang Tagalog, kung saan buhay pa ang tradisyong Balagtasian o maging ang katutubong anyo ng pagtulang pasalita tulad ng ginagawa sa pagpuputong o duplo. Mamaniin lang din ito ng mga kasapi ng LIRA<sup>2</sup> dahil nagsisimula ang lahat ng klase sa LIRA sa pagtalakay sa sin-ing ng tugma at sukat. Pero *nose bleed* ito para sa marami; mahirap nang magtugma, antas tudlikan pa! Pupusta ako na sa hanay ng mga makatang nagsusulat ng tula sa Filipino, marami ang hindi nakakaalam kung anong hayop ang tugma na nasa antas tudlikan.

Agad humirit ang kaibigang si Richard Gappi sa Facebook. Tagalog-centric daw ang panuntunan, *bias* sa iba pang mga makata na hindi Tagalog pero nagsusulat ng tula sa Filipino. Dalawa ang antas ng tugma (*rhyme*) sa tradisyunal na tulang Tagalog: ang **tugmang karaniwan** at **tugmang tudlikan**. Sa tudlikan, hindi lang dapat magkakatugma ang mga dulong pantig (*end rhymes*), kundi pati ang bigkas ng salita. Halimbawa nito ang saknong 10 ng “Kay Celia” mula sa *Florante at Laura* ni Francisco Balagtas na hindi lang nagtatapos sa pandulong pantig na “**an**” i.e.: “larawan”, kina-

lagian”, do’ngan”, at “tuntungan”; pare-pareho ring malumay ang bigkas ng mga salitang ito na nasa dulo ng bawat taludtod (*line*):

Nililigawan ko ang iyong larawan  
Sa Makating ilog na kinalagian  
Binabakas ko rin ang masayang do’ngan,  
Yapak ng paa mo sa batong tuntungan.

Kung mahirap ang tugmang tudlikan para sa mga taal na Tagalog, lalong mahirap ito para sa mga hindi taal na Tagalog dahil maaaring iba ang bigkas ng mga salitang Tagalog na nasa korpus ng Wikang Filipino kapag sinasalita ng mga taga-Bisaya o Mindanao, ng mga Ilocano at Meranaw. Halimbawa, ang “do’ngan” sa kasisiping saknong (*stanza*) ni Balagtas (na mula sa “daungan”) ay malamang bigkasin nang mabilis at hindi malumay ng mga Waray at maging “**dungán**” (*sabay, in unison, at the same time*). Kung gagamit naman ng *culture-specific* na salita ang mga hindi Tagalog bilang pantugma sa tula—na ini-encourage natin para makapasok sa korpus ng Wikang Filipino ang mga salita mula sa mga katutubong wika sa Filipinas—paano malalaman ng hurado kung malumi, malumay, mabilis, o maragsa ang bigkas nito? Totoo, puwedeng tumingin sa mga diksiyonaryo, pero ang ilan sa mga bokabularyo at sanggunian sa ibang mga wika sa Filipinas ay hindi nagpo-provide ng tuldik o gabay sa pagbigkas.

Kailangan pag-isipan ang problemang inihahayag ni Gappi sapagkat may implikasyon ito sa pagde-develop ng Wikang Filipino, sa pagpapayabong ng iba pang mga wika ng Filipinas, at sa paghuhubog ng Panitikang Filipino—isang panitikan na hindi lang nakasulat sa Tagalog kundi sa iba pang mga wika ng Filipinas at umuusbong dahil isinulat sa Wikang Filipino, ng mga hindi taal na Tagalog.

### **Katutubong Anyo**

Likás ang tugma at sukat sa katutubong tula. Kailangan lang titigan ang mga sinaunang bugtong at salawikaing Tagalog para patunayan ito. Halimbawa, ang bugtong na ito tungkol sa banig:

Bongbong cong liuanag  
con gab-i ay dagat.<sup>3</sup>

[Bum/bong/ kung/ li/wa/nag/  
kung/ ga/bi/ ay/ da/gat././]

O ang salawikaing ito:

Natotoua con pasalop,  
con singili,i napopoot.<sup>4</sup>

[Na/tu/tu/wa/ kung pa/sa/lop,/ /  
kung/ si/ngi/li'y/ na/po/po/ot././]

Aaniming pantig (*six syllables*) ang sukat ng naunang bugtong, wawaluhing pantig (*eight syllables*) naman ang sukat ng halimbawang salawikain. Magkatugma ang mga huling salitang “liwanag” at “dagat” sa bugtong tungkol sa banig; magkatugma naman ang “pasalop” at “napopoot” sa salawikain tungkol sa mga mangungutang na natutuwa kapag pinautang pero nagagalit kapag sinisingil.

Sa *Vocabulario* nina Noceda at Sanlucar, nakatalâ ang iba pang halimbawa ng mga katutubong anyo (*form*) ng tulang Tagalog tulad ng **tanaga** at **dalít**. Ang tanaga, ayon kay Noceda at Sanlucar ay: “*Poesía muy alta en tagalo, compuesta de siete sílabas, y cuatro versos, llena de metáforas,*”<sup>5</sup>—isang mataas na uri (*muy alta*) ng tulang Tagalog, tulad nito:

Mataas man ang bondoc  
mantay man sa bacouor  
yamang mapagtaloc,  
sa pantay rin aanod.<sup>6</sup>

[Ma/ta/as/ man/ ang/ bun/dok/  
pan/tay/ man/ sa/ ba/ko/od/  
ya/mang/ ma/pag/ta/luk/tok/  
sa/ pan/tay/ din/ a/a/nod././]

Ang dalít naman ay binubuo rin ng apat na saknong at may sukat na wawaluhin, gaya ng dalít na ito tungkol sa mga *social climber* (mga sapsap

na chumuchorva sa mga apahap) na hindi na palá bago, uso na noon pang unang panahon:

Isda acong gaga sapsap  
gagataliptip calapad,  
caya naquiquipagpusag,  
ang calagoyo,i, apahap.<sup>7</sup>

[Is/da/ a/kong/ ga/ga-/sap/sap/  
ga/ga-/ta/lip/tip/ ka/la/pad,/  
ka/ya/ na/ki/ki/pag/pu/sag,/  
ang/ ka/la/gu/yo'y/ a/pa/hap././]

Katutubong anyo ng tulang Tagalog ang tanaga at dalít. Sa ibang mga wika tulad ng Sugbuanon (Cebuano), may mga katutubong anyo ng tula na nakalista sa mga sinaunang diksiyonaryo gaya ng **sumbingay**, **balak**, **garay**, **inagung**, **uriyan**, **kumintang**, **guyo**, at **awit**.<sup>8</sup> Sa kasamaang palad, hindi tulad sa *Vocabulario* nina Noceda at Sanlucar, hindi nakapagtalâ ng mga halimbawa ng anyong ito.

Sa *Historia* ng Heswitang si Francisco Ignacio Alcina, binabanggit din ang mga katutubong anyo ng tula sa Wikang Waray<sup>9</sup> gaya ng **ambahan**, **bikal**, **balak**, **siday**, **kanugon**, at **awit**. Ayon kay Alcina, ang ambahan ay: “*un modo de cantinelas, que cada uno consta de dos versos sueltos, cada uno de siete silabas; pero en ellos dos se ha de acabar el sentido y la sentencia de lo que se dice...*”<sup>10</sup> Isang balada kung gayon ang ambahan, may dalawang saknong (blank verses) na binubuo ng sukat na tig-pipituhing pantig, tulad ng tanaga ng mga Tagalog. Hindi malinaw ang porma ng iba pang anyo ng tula na tinukoy ni Alcina, at muli, sa kasamaang palad, sayang at hindi nagbigay ang paring Heswita ng halimbawa ng mga anyong pampanulaan na kanyang natukoy.

Malinaw na may tugma at sukat ang ilang katutubong anyong pampanulaan sa mga wika ng Filipinas. Pansin nga ni Resil B. Mojares, may mga sumusunod umanong katangian ang panulaang Sugbuanon na makikita rin sa katutubong panulaan ng ibang rehiyon sa bansa:

...[A]ng paggamit ng asonantal na pagtutugma, isang pansilabang sukat na tumatakbo sa lima hanggang labindalawang silaba bawat linya ‘karaniwan dito’y heptasilabiko’; (2) ang paggamit ng dalawang magkatugmang linya o *couplet*, at ang *quatrain* bilang mga yunit ng taludturan, at ang kahalagahan ng tinatawag ni Encina na *enigma*, na nauukol sa *tanghaga* ng Cebuano.<sup>11</sup>

### Walang Tugma at Sukat!

Pero hindi lahat ng katutubong anyong pampanulaan ay may sukat o istriktong sumusunod sa panuntunan hinggil sa tugma at sukat. Maging ang ibang katutubong anyo tulad ng siday ng mga Waray, ayon kay Alcina, ay iregular ang sukat, inuulit-ulit at pinapalitan ang mga salita.<sup>12</sup> Ang mga sinaunang **tigmo** ng mga Sugbuanon, **patigo/tiriguhon** ng mga Waray, o **lallagunut** ng mga Gaddang ay di istrikto sa tugma at sukat, di tulad ng marami sa mga sinaunang bugtong ng mga Tagalog:

Sugbuanon:	
Gisukgay ang nilugaw	7
Midagan ang tinap-anan. <sup>13</sup>	8
Waray:	
Kun kakan-o pa nagmingaw,	8
Dida pa nanamok. <sup>14</sup>	6
Gaddang:	
Taggat a baggat	5
Pannuan na ina allang y agat. <sup>15</sup>	11

Kahit ang mga kantahing bayan (*folk songs*) ay hindi sumusunod sa istriktong sukat. Ang **laji**, halimbawa, ng mga Ivatan ay hindi sumusunod sa sukat at tugma, gayundin ang marami pang awiting bayan sa iba’t ibang wika ng Filipinas. Narito ang unang saknong ng isang kantahing bayan sa Waray, na bagamat may tugma, ay hindi eksakto ang sukat:

An tamsi nga tikbubulan	8
Gutiyay ko la hidakpan.	8
Lugaring, Nining, kay hinsalipdan	9
Han lubi nga kalanyogan. <sup>16</sup>	8

Kung sakaling may tugma at sukat, nagkataon lang ito, o hinihingi ng pagkakataon para makasunod sa melodiya. Sabi nga ng kritikong si Virgilio S. Almario, “Kahit ang mga nalimbag ngayong mga bagong saliksik sa tulang bayan ng mga grupong etniko sa Mindanaw at Lalawigang Bulubundukin ng Hilagang Luzon ay waring mas napapatnubayan ng melodiya kaysa anumang panuto ng regular na tugma’t sukat.”<sup>17</sup>

### Kodipikasyon ng Tulang Tagalog

Saan nanggagaling kung gayon ang mga istriktong panuto hinggil sa tugma at sukat?

Kay Jose Rizal.

Sa isang lektura sa Sociedad Etnografica de Berlin noong 1887, nilagom ni Rizal ang mga naunang pag-aaral hinggil sa pagtulang Tagalog nina Gaspar de San Agustin at Francisco Bencuchillo.<sup>18</sup> Ayon kay Rizal, ang sukat ng tulang Tagalog ay binubuo ng aanimin, pipituhin, wawaluhin, at lalabindalawahing pantig. At dahil ang tangi niyang dalang aklat na Tagalog habang naglalakbay sa Europa ay ang *Florante at Laura* ni Balagtas, ilalatag niya ang mga panuntunan sa pagtula sa sukat at tugma na ginamit ni Balagtas sa kanyang *magnum opus*.

Si Rizal ang unang magsasabi na magkakatumag ang mga patinig na “**karaniwan**” tulad ng matá, sála, at sasambá at ang mga patinig na “**mabigat**” tulad ng dalitâ, tuwâ, at nasà. Ibig sabihin, magkakatumag ang mga salitang nagtatapos sa patinig na may impit (*glottal stop*) at mga patinig na walang impit.

Si Rizal din ang magsasabi na magkakatumag ang “**katinig na malakas**” (*consonante fuerte*) na binubuo ng mga katinig na **b, d, g, k, p, s**, at **t**; at ang mga “**katinig na mahina**” (*consonante débil*) na **l, m, n, ng, y**, at **w**.

Seselyuhan ni Rizal ang usapin hinggil sa tugma at sukat at idedeklarang walang *verso libre* o *free verse* sa pagtulang Tagalog dahil aniya, “*por presentarse su idioma fácilmente a la rima y por se ésta muy sencilla y natural.*”<sup>19</sup> Ang tuntuning ito ang susundan ng iba pang makatang Tagalog na tatawa-

gin ni Almario bilang mga “Balagtasista”.<sup>20</sup> Noong 1929, sa isang lektura sa Unibersidad ng Pilipinas, ilalahad ni Lope K. Santos ang mas komprehensibong mga tuntunin sa pagtula na lumalagom sa mga pag-aaral nina San Agustin, Bencuchillo, at Rizal.<sup>21</sup> Lalo pang malilinang ang mga istriktong panuntunan hinggil sa tugma at sukat at isusulong ng mga Balagtasista ang mga antas ng tugmang “pantigan”, “tudlikan” at “**dalisay**”—mga tugmaang pahirap nang pahirap nang pahirap.

### Kodipikasyon ng Siday

Hindi ganito ang mangyayari sa panulaan ng iba pang mga wika sa Filipinas.

Bagaman may pagtatangka sa kodipikasyon ng mga anyo ng tula sa iba pang mga wika ng Filipinas, hindi ito naging masaklaw at tumimo sa mga manunulat sa wikang katutubo. Halimbawa, noong 1908, pahapyaw na tinalakay ni Norberto L. Romualdez ang poetikang Waray sa kanyang aklat.<sup>22</sup> Ayon kay Romualdez, may tugmaan ang tulang Waray pero hindi ito eksakto tulad ng tulang Español. Gumagamit din diumano ito ng sukat na aanimin, wawaluhin, at lalabindalawahin. Kakatwa na hindi isinama ni Romualdez ang sukat na pipituhin, na siyang sukat ng ambahan, ang tanging sukat na binabanggit ni Alcina sa kabanata ng kanyang *Historia* na may pamagat na “*De las letras y modo de escribir de los Bisayas; y de sus poesías, varias y particulares, de que se precian.*” Marahil, ito ay dahil sa noong ika-20 siglo, nabura na sa gunita ng mga Waray ang ambahan at ang anyo nito, wala nang makatang nagsulat gamit ang pipituhing pantig. Kayâ ang natira sa sukat ay ang aanimin at lalabindalawahin, na siyang ginagamit sa mga sekular na tula, at wawaluhin, na siyang sukat na ginagamit sa *Pasyon* na nakasalin sa Wikang Waray at sa mga sulating debosyonal at relihiyoso tulad ng novena at mga *pangadyi*.

Sinunod marahil ng mga ka-kontemporanyo ni Romualdez ang kanyang inilatag na panuntunan. O puwede ring inilarawan lang niya ang kasalukuyang anyo ng tulang Waray sa kanyang panahon. Karamihan sa mga siday na nalathala mula 1900 hanggang 1960s—ang panahon ng pamamayani ng mga manunulat na kasapi ng **Sanghiran san Binisaya** (Akademya ng Wikang Bisaya) na itinatag ni Romualdez at ng kanyang mga ka-manunulat na Waray—ay may sukat na lalabindalawahin, tulad ng sagnong na ito sa isang tula ni Casiano Trinchera:

An ak kasingkasing imo la gintukso,  
Nga hadto han anay kun harus maglukso,  
Harapit umambak, lumusad ha dughan;  
Ka di ko pagyakan, ka di ko pagmughan.<sup>23</sup>

Konsistent si Trinchera (at ang kanyang mga kapanahon na sina N.L. Romualdez, Iluminado Lucente, Eduardo Macabenta, Vicente I. de Veyra, Pablo Rebadulla, Agustin El O'Mora, atbp.) sa kanilang sukat, bagaman minsan ay sumasablay ang tugma. Ang siniping siday ni Trinchera ay binubuo ng walong saknong na tiglalabindalawahin. Ang tugmaan ay **aabb**, na tinatawag na “**tugmang sunuran**” sa Tagalog, maliban sa saknong 5 na **isahan** ang tugma (**aaaa**). Hinahanapan ko ng dahilan kung bakit nagsingit si Trinchera ng tugmang isahan sa mga sunurang taludtod, pero wala akong makita. Hindi papasá ang taludturang ito sa istriktong anyo ng mga Balagtasista na nagtatadhanang ang mga taludtod sa isang tula ay dapat isahan kung isahan, sunuran kung sunuran, **inipitan** (**abab**) kung inipitan.

### **Tugmaan ng Siday Ayon kay Rizal**

Hindi ko binabanggit ang “pagpasá” ng siday ni Trinchera sa pamanayang Balagtasista dahil gusto kong gamitin ang lenteng Balagtasista sa pagtingin sa anyo ng siday. Naniniwala ako, tulad ni Romualdez na walang eksaktong panuntunan hinggil sa tugma at sukat ang siday. Dahil dito, gusto kong ipanukala na gamitin ang kodipikasyong naganap sa Tagalog, partikular ang talakay ni Rizal hinggil sa tugma at sukat, para ilarawan ang anyo, partikular ang tugma at sukat, at tingnan ang pagsisikap na *i-codify* ang siday sa maagang bahagi ng ika-20 siglo.

Sa isang panimulang pag-aaral sa anyo ng siday, sinabi ng makata at kritikong si Merlie M. Alunan na awit ng papuri ang orihinal nitong anyo, binibigkas sa mga kasal, binyag, pagtatapos, panunumpa sa tungkulin, etc.<sup>24</sup> Sa tala ni Alcina, totoo namang tula ng papuri ang siday, binibigkas para ikuwento ang kabayanihan ng mga ninuno, papurihan ang kagandahan ng kababaihan, o katapangan ng kalalakihan. Naghunos ito para gamitin sa binyag, kasal, etc. sa pananakop ng mga Español at Amerikano. Hindi binanggit ni Alcina ang sukat at tugma ng orihinal na siday. Kayâ uulitin ni Alunan ang sinabi ni Romualdez na ang tradisyunal na siday ay may tugma at sukat, kadalasan, lalabindalawahin. Para kay Romualdez, ang sukat na



lalabindalawahin ay hindi totoong lalabindalawahin kundi aanimin. Pero ayon kay Alunan, ang hati sa gitna ng lalabindalawahing pantig ay *caesura* o *line break*. Gayunman, wala pa ring binanggit si Alunan kung paano nagtutugma ang mga dulong pantig sa siday.

Pansinin ang ginagamit na halimbawa ni Alunan para ipakita ang anyo ng tradisyunal na siday, isang tula ni Filomeno Singson na isinulat noong 1930s:

Bukad nga pinili sinin akon tuna,  
Tanom minayoyo, marol pinalangga,  
Bisan nabubutnga ka sadton kagurangan,  
Tungod kahamot mo, hintutultolan ka.<sup>25</sup>

Tiglalabindalawahin ang una at ikalawang taludtod ng siniping saknong. Pero hindi na labindalawa (12), sa halip, labintatlo (13) ang ikatlong taludtod . Kung gagamitin ang panukalang pagbása sa tugmaan sa Tagalog sa lektura ni Rizal, ganito ang magiging tugmaan ng naturang saknong: *aaxx*—magkatugma ang “*tunà*” at “*pinalanggà*” na parehong may impit, pero hindi magkatugma ang “*kagurangan*” sa “*ka*” sa dalawang huling linya. Sa tulang Tagalog, tatak ng kahinaan ang paggamit ng “*ka*”, “*mo*”, “*na*” at iba pang panghalip, pantukoy, etc. na isa lang ang pantig.

Maaaring pagkaligta ito. Puwede naman kasing ayusin ang mga tu-  
ludtod na ito: aalisin lang ang “*ka*” sa ikatlong taludtod at rebisahin ang  
ikaapat na taludtod, at presto, maaayos ang sukat ng saknong at ito ay ma-  
giging tugmang sunuran (*aabb*):

Bukad nga pinili sinin akon tuna,  
Tanom minayoyo, marol pinalangga,  
Bisan nabubutnga sadton kagurangan,  
Tungod kahamot mo, akon hintutolan.

Ginamit ko ang tugmaang sinasabi sa lektura ni Rizal hinggil sa pan-  
ulaang Tagalog dahil kung titingnan ang mga kantahing bayan ng Samar at  
Leyte at ang mga siday ng mga makatang Sanghiran, mukhang sumusunod  
ang mga ito sa padron ng tugmaang inilahad ni Rizal. Ibig sabihin, sa mga  
salitang nagtatapos sa patinig, magkakatugma ang mga walang impit (hal:

súpo, úpo, luyó, dúro), magkakatugma rin ang mga may impit (hal: tunà, pinalanggà, dilà, hunà-hunà). Sa mga katinig, magkakatugma ang “katinig na malakas” (*consonante fuerte* ayon kay Rizal) na binubuo ng mga katinig na *b, d, g, k, p, s*, at *t* (hal: bukad, sabrag, ap-ap, dagat, barás); at ang mga “katinig na mahina” (o *consonante débil*) na *l, m, n, ng, y*, at *w* (hal: balay, lam-aw, gindakal, sawang). Hindi kataka-taka sapagkat magkapareho naman ang tunog ng Tagalog at Waray at ng iba pang mga wika sa Filipinas.

Pansinin halimbawa ang isahang tugma (**aaaa**) sa kantahing bayang ito na may sukat na lalabindalawahin:

Si nanay si tatay di ko babayaan  
Kay damo nga dogo an akon naotağ  
Kung pag-iisipon an siyam ka bolan  
Ğa pag-inokoy ko sa kan nanay tiyan.<sup>26</sup>

[Si nanay si tatay, di ko babayaan  
Kay damo nga dugo an ako nautang  
Kun pag-iisipon an siyam ka bulan  
Nga pag-inukoy ko sa kan nanay tiyan.]

Narito naman ang isang saknong sa tula ni Eduardo Makabenta na ang tugmaan ay inipitan (**abab**) na may iregular na sukat (8/7/8/8//):

Diri gad ha im mahawid  
Paturon han paglakat,  
Ibilin kalayo, tubig  
Di ak ha im maglalanat.<sup>27</sup>

At ang halimbawa ng tugmaang sunuran (**aabb**) sa tulang ito ni An-dikula na lalabindalawahin din ang sukat:

Dalagan, dalagan, pagtuwad ubanon  
Kasakit sa ulo pagpinamation,  
Korinit ni Kuan, daw ginpipisitan  
Tungod san asawa siya ginrabutan.<sup>28</sup>

## Koneksiyong Tagalog-Waray

Sa pamamagitan ng paggamit sa tugmaang Tagalog sa talakay ni Rizal, mabubuksan ang matagal nang tinutukoy ngunit hindi matukoy-tukoy na tugmaan sa siday ng mga Waray. Malamang, maraming tututol dahil magmumukha na naman itong paggamit ng lenteng Tagalog para basáhin ang panulaan sa ibang wika ng Filipinas. Pero kung tititigan ang anyo ng mga tulang isinulat ng mga makatang Sanghiran, mapapansin ang pagkakahawig nito sa mga tulang Tagalog na isinulat sa parehong panahon.

Pangunahin dito ang paggamit ng saknong na may apat na taludtod. Ito ang anyo ng awit na ginamit ni Balagtas sa *Florante*. Ang karamihan ng mga tulang malilimbag sa mga unang publikasyon sa Samar at Leyte ay gagamit din ng apat na saknong sa isang taludtod. Maging ang lalabindalawahing pantig, pati na ang *caesura* na gagamitin sa siday, ay siya ring ginamit ni Balagtas.

Kunsabagay, hindi katutubong anyo ang awit. Mula ito sa French na *alexandrine* na nadala ng mga Kastila sa Filipinas. Nakuha ba ng mga Waray ang *alejandrino* direkta sa mga Español—kasama na ang apat na taludtod sa isang saknong, lalabindalawahing sukat at *caesura* sa bawat taludtod—o pumasok ito sa panulaang Waray sa panahon ng kodipikasyon ng Panulaang Tagalog? Gaano kalawak ang impluwensiya ng panulaang Tagalog sa siday sa mga unang yugto ng nakalimbag na tulang Waray?

Wala akong sapat na panahon para sagutin ito ngayon. Kailangan pa nating titigan ang mas maraming siday, pag-aralan ang iba pang uri ng panitikang Waray, kasama ang mga panitikang debosyonal tulad ng novena para masagot ito.

Pero ang paggamit sa lektura ni Rizal para tukuyin ang tugmaan ng mga naunang siday ay patunay sa pagkakapareho ng tunog ang ating mga wika. Patunay din ito sa pagkakapareho ng mga anyo ng ating mga tula, gaya ng una nang binanggit ni Mojares.

Hindi *hermit islands* ang Samar at Leyte. Nakikipag-ugnayan ito sa mga kalapit-pook at maging sa Maynila. Malaganap na ang ugnayang ito bago pa dumating ang mga Español. Kahit ang sinaunang paraan ng pagsulat ng mga Waray, ayon kay Alcina ay natutuhan ng mga Bisaya mula sa mga Tagalog (na nakuha naman ang paraan ng kanilang pagsulat mula sa mga Muslim). Ayon kay Alcina, tinatawag na “Moro” ang paraan ng pagsulat ng mga Bisaya kahit na hindi nasakop ng mga mga Muslim ang Samar at

Leyte. Matatandaan na nang dumating ang mga Kastila sa Maynila noong ika-16 na siglo, mayroon na itong pamayanang Muslim at Muslim ang mga maharlika pang-pamilya na naghahari sa Maynila at sa mga karatig-pook. Ang pagtawag na “Moro” sa sinaunang paraan ng pagsulat ng mga Waray ay patunay sa malawak na impluwensiya ng Maynila at ng mga Tagalog sa bahaging ito ng kapuluan. Ayon nga kay Alcina:

[L]os caracteres de estos naturales, o por major decir, de que usan de posos años a este parte, enseñanza que se les comunicó de los tagalos, y estos aprenderion de los burneyes que viniéron de su gran isla de Bornei a la de Manila, con quen tenían trato considerable... De estos burneyes aprendieron los tagalos sus caracteres; y de éstos los bisayas. Y por esto les llaman caracteres o letras de “Moro”, pues los moros se las enseñaron; y aunque no llegó a los bisayas o no admitieron... aprenderion sus letras.<sup>29</sup>

Kung may naganap na ugnayan sa mga Bisaya at Tagalog noon pang ika-16 na siglo, na naging daan upang gamitin ng mga Waray ang paraan ng pagsulat ng mga Tagalog, hindi rin kataka-taka kung maimpluwensiyahan ang mga manunulat na Waray ng mga pampanitikang anyo mula sa mga Tagalog (at iba pang pangkating etno-linggwistiko sa bansa), at *vice versa*, at gamitin ang mga anyong ito, kasama ang tugma at sukat ng mga Tagalog sa kanilang pagsulat ng siday. Sa kaso halimbawa ni Romualdez, ang kanyang pag-aaral hinggil sa Wikang Waray ay may kalakip na pananaliksik hinggil sa Tagalog at iba pang mga wika sa Filipinas at hindi ako magtatataka kung nabása niya ang *Arte Metrica del Tagalog* ni Rizal. Hindi rin ako magtatataka kung ang sukat at tugma sa tradisyunal na siday ay impluwensiya ng malaganap na kodigo sa pagtulang Tagalog na pinalaganap ng mga Balagtasista sa maagang yugto ng ika-20 siglo.

Ang totoo, una na itong ipinanukala ni Almario sa kanyang pagtitipon ng mga unang sulatin hinggil sa panulaang Tagalog. Sabi ni Almario:

Walang ganitong kodipikasyong naganap sa pagtula sa alinmang katutubong wika ng Filipinas kaya’t naging makapangyarihan ang pinairal na kodigo ni L.K. Santos

at mga kasamang makata-kritiko sa unang hati ng ika-20 siglo tungo sa pag-alinsunod dito ng pagtula sa Ilocano, Bicolano, Kapampangan, at mga aktibong wika sa Visayas magmula sa naturang panahon.<sup>30</sup>

Hindi ko matanggap ang pahayag na ito noon, lalo pa't walang suhay ang mapanlahat na pahayag ni Almario. Hindi ko matanggap ito bilang Waray, nakakasira ng *pride*. Pero matapos titigan ang siday ng mga makatang Sanghiran na kapanabayan nina L.K. Santos, ang tugma at sukat na *common* sa siday at tulang Tagalog, ang patterns hinggil sa tugmaan at sukat na parehong makikita sa mga pagtulang Balagtasista at sa mga makatang Sanghiran, kumbinsido ako sa *strands* ng impluwensiyang Tagalog sa panulaang Waray sa maagang bahagi ng siglo 20. Kumbinsido ako na ang pagtatangka sa kodipikasyon ng siday, bagama't naudlot, ay bunsod ng nauna nang kodipikasyon sa panulaang Tagalog. Maliban kung may magpapatunay na hindi ito direktang nakuha mula sa mga Tagalog kundi sa French at mga Español, o kaya naman ay *intrinsic* ito sa panulaang Waray. Hihintayin ko ang pag-aaral na iyon.

Bagaman laging tinatalakay sa mga pag-aaral hinggil sa panitikang Waray ang pagsisikap ng mga unang manunulat ng Samar at Leyte na ipagtanggol ang kanilang sariling pinulungan sa gitna ng pamamayani ng Ingles, at kalaunan ng Tagalog/Pilipino, hindi napagtutuunan ng pansin ang kasabay na pagsisikap ng mga manunulat na Waray sa pagbubuo ng bansa. Palaging idinidiin ang satira hinggil sa mga *Tagalized* na Bisaya sa mga tula ni Trinchera, El O'Mora, Makabenta, at Lucente. Pero hindi natatalakay ang mga kaparehong tula na pumupuri sa marol bilang pambansang bulaklak, sa mga bayaning si Rizal at si Bonifacio, sa Katipunan bilang isang pambansang kilusan na hindi lang nakasentro sa Katagalugan, kundi ang lawak at saklaw ay abot at inaangkin hanggang sa Samar, sa Leyte, at sa buong Filipinas. Hindi nababanggit ang ugnayan ng wikang Tagalog at Waray, na ipinapakita ng pagsasalin ng *Florante at Laura* sa Wikang Waray,<sup>31</sup> isang uri ng balorasyon o pagdakila, isang uri ng pag-angkin sa isang akda na bagama't nakasulat sa Tagalog ay dadakilain bilang obrang Filipino.

Dahil dito, naging makitid ang pagbása at pagpapakahulugan sa “iroy nga tunà” na isinatula ni Lucente. Naging Leyte lang ito. Na para bang ang “iroy nga tunà” ni Lucente ay Leyte lang. Ni hindi ang Samar. Ni hindi ang

buong Filipinas. At dahil sa pagiging *allergic* sa Tagalog, hindi natin nasilip o ayaw nating silipin ang ugnayan ng tulang Tagalog at ng siday na Waray. Para tuloy umunlad lang ang siday *in a void*, naghunos mula sa antigong siday ni Alcina at naging siday sa panahon ng Sanghiran na ni hindi natin matukoy ang pinagmulang anyo.

Malaki ang paniwala ko na kung hindi nabuwag ang Sanghiran, kung nagpatuloy ang mga manunulat na Waray na magsulat sa Waray at hindi piniling magsulat sa Ingles (dahil ang totoo, karamihan sa mga intelektwal na Waray ay mas piniling magsulat sa Ingles kaysa sa Waray o Filipino), magpapatuloy ang kodipikasyon ng panulaang Waray, uunlad o maghuhunos ang anyo ng siday.

Pero sa ngayon, tila may malaking guwang (*gap*) sa kasaysayan ng panulaang Waray—dahil pagkatapos mamatay ni Lucente noong 1969, wala na halos nagsulat sa Waray. Hindi *consistent* ang mga panuntunan sa tugma at sukat sa siday dahil huminto ang mga manunulat na Waray sa pag-sulat gamit ang kanilang pinulungan. Ngayon lamang tayo muling nakakaranas ng pagsiglang muli ng tula, dula, at kuwentong Waray. At napakarami pang kailangang aralin at sulatin.

### **Tungo sa Panulaang Filipino**

Babalikan ko ang dahilan kung bakit ko ito isinulat: ang reklamo ni Gappi hinggil sa pagiging Tagalog-centric ng tuntunin sa Talaang Ginto sa nakaraang dalawang taon. Bagaman nagpanukala ako na gamitin ang lektura ni Rizal para ipaliwanag ang ilang hindi matukoy na elemento sa siday, partikular sa tugmaan, naniniwala ako na hindi dapat ipataw ang mga kodigo ng tulang Tagalog sa umuusbong na tulang Filipino.

Kung naniniwala tayo na ang Filipino ay isang wika na patuloy na umuunlad, magkakaroon ng baryasyon sa pagbigkas ng mga salita na bagama't mula sa Tagalog ay bibigkasin nang iba sa bigkas ng mga Tagalog. At dahil ang tugmang tudlikan ay nakabatay sa tamang bigkas (na kinakatawan ng mga tuldik), *bias* na kaagad ito sa mga di taal na nagsasalita ng Tagalog.

Naniniwala ako sa pagluluwag ng tuntunin at dila habang hindi pa nagkakaisa sa napakaraming usapin hinggil sa wika. Dahil dito, hindi dapat ipataw ang tuntunin hinggil sa mga antas ng tugmaan sa mga hindi taal na Tagalog na nais tumula sa Filipino. Hindi ko sinasabing huwag

nating pag-aralan ang mga antas ng tugmaan, pero dapat malinaw na antas ito ng tugmaan sa Wikang Tagalog. Ipaubaya natin sa mga hindi Tagalog kung gagamitin nila ito sa pagsulat ng tula gamit ang Wikang Filipino. Kung hindi nila gagamitin, paki naman natin. Ibig kong sabihin, himukin natin sila pero huwag itong i-impose. Kayâ importante ang proyektong STS (Sining ng Tugma at Sukat) ng LIRA na lumilibot sa buong bansa para ipakilala ang tugma at sukat ng Tulang Tagalog. Sa ganitong paraan, nagiging maláy ang guro at manunulat sa rehiyon sa tradisyong ito ng panulaan sa Tagalog, maikukumpara ang naturang tradisyon sa panulaan ng mga rehiyon, mababalikan ang kasaysayan at pag-unlad, hindi lang ng panulaang Tagalog, kundi ng panulaan sa iba pang mga wika sa Filipinas. Ang bayan ang magsasabi kung gagamitin nila ang kodigo ng pagtulang Tagalog at aangkinin ito o ilalangkap sa kodigo ng pagtula sa iba pang mga wikang Filipino hanggang sa maging tunay itong kodigo ng pagtula para sa buong kapuluan.

Pero sa ngayon, huwag muna. Sapagkat ang totoo, dahil sa tuntuning ito, lalong nagmumukhang “Makata ng Taon sa Wikang Tagalog” ang Makata ng Taon. At hindi naeenganyo ng ganitong mga tuntunin ang ibang mga manunulat na hindi Tagalog na magsulat ng tula sa Wikang Filipino at sumali sa Talaang Ginto. Sagka ito sa pagpapayabong ng Panulaang Filipino.

## Mga Talâ

1 Sinimulan noong 1963, sa mungkahi ng numero unong rebelde ng Panulaang Tagalog na si Alejandro G. Abadilla at sa patnugot ng noon ay Surian sa Wikang Pambansa (Komisyon sa Wikang Filipino ngayon), ilan sa mga naging Makata ng Taon ay sina Teo Baylen (1964), Rogelio Mangahas (1969), Teo Antonio (1976), Jesus Manuel Santiago (1978, 1979), Lamberto Antonio (1980), Fidel Rillo (1987), ang National Artist na si Virgilio S. Almario (1984), Ruth Elynia S. Mabanglo (1992), at ang National Artist na si Cirilo F. Bautista (1993).

2 Linangan sa Imahen, Retorika, at Anyo, ang klinika at organisasyong pampanulaan na itinatag ni Virgilio S. Almario noong 1985. Sa LIRA nagmula ang ilan sa mga pangunahing makata sa Filipino sa kasalukuyan tulad nina Victor Emmanuel Carmelo Nadera Jr., Romulo Baquiran Jr., Rebecca Añonuevo, Roberto Añonuevo, Michael Coroza, Edgar Calabia Samar, Mesandel Virtusio Arguelles, at Joselito D. delos Reyes.

3 Nasa Juan de Noceda at Pedro de Sanlucar, *Vocabulario de la Lengua Tagala*. Unang inilimbag noong 1754. Muling inilathala ng Komisyon sa Wikang Filipino, nang may salin sa Filipino, 2013. Ginamit sa papel na ito ang edisyong 1860 na inilathala sa Maynila ng Imprenta de Ramirez y Giraudier, p. 38.

4 Noceda at Sanlucar, p. 281.

5 Noceda at Sanlucar, p. 324.

6 Noceda at Sanlucar, p. 321.

7 Noceda at Sanlucar, p. 74.

8 Tingnan halimbawa ang entri hinggil sa naturang mga salita sa *Arte de la lengua Zebuana* ng Agustinong si Francisco Encina na nalathala noong 1801.

9 May mga manunulat at iskolar na hindi tinatanggap o may agam-agam sa pagtanggap ng “Waray” bilang pantukoy sa wikang sinasalita sa Samar-Leyte. Ang iba ay gumagamit ng Leytenhon-Samarnon, Lineyte-Samarnon, Samarnon, Leytenhon, etc. Bunga ito ng *pejorative* na konotasyon ng “Waray” na ang literal na kahulugan ay “wala” na ayon nga sa makatang si Agustin El O’Mora ay “pagtamay-tamay la”—at inimbento lang ng mga kargador sa pier ng Maynila bilang pagmamaliit sa wika at sa mga katutubo ng Samar at Leyte. Hangga’t hindi nagkakasundo ang mga iskolar hinggil sa pangalan ng wika na sinasalita ko, ang mas popular na Waray muna ang gagamitin ko—sa kabila ng *pejorative* na konotasyon nito. Wapakels muna ako sa isyung ito hangga’t walang kaisahan ang mga iskolar at kapwa ko manunulat.

10 Tingnan ang Ignacio Francisco Alcina, *Historia de las Islas e Indios de Bisayas... 1668*. Inilathala nang may salin sa Ingles ng UST Publishing House noong 2005. Nasa pahina 42 ng Part One, Book 3, Vol III ang siniping talata.

11 Resil B. Mojares, “Balak: Isang Introduksiyon sa Panulaang Cebuano,” nasa *Panulaang Cebuano*, salin ni Don Pagusara, Isinatipon ni Erlinda K. Alburo. Manila: Ateneo de Manila University Press, 1993.

12 Hinggil sa siday, ayon kay Alcina, ito ay: “*Sólo tienen algunas repeticiones algo cansadas, porque vuelvin a repetir muchas veces, coñadir sólo una dos palabras, muchas y muy largas razones.*” Alcina, p. 46.

13 Pagusara at Alburo, p. 2.

14 Mula sa “Tinalunay”, hindi pa nalathalang manuskrito ng Panitikang Waray na inedit ni Merlie M. Alunan.

15 Maria Luisa Lumicao-Lora, *Gaddang Literature*. Quezon City: New Day Publishers, 1984, p. 73.



- 16 Mula sa di pa nalalathalang manuskrito ni Alunan. Una ko nang ginamit ang tulang ito bilang epigraph sa ikalawa kong koleksiyon ng tula. Hindi ko na maalala kung saan ko ito orihinal na nabása, dahil nawawala ang iba ko pang sanggunian hinggil sa panulaang Waray.
- 17 Virgilio S. Almario, *Taludtod at Talinghaga, Mga Sangkap ng Katutubong Pagtula*. Pasig: Anvil Publishing, 1991, p. 47.
- 18 Nasa Aleman ang orihinal na lektura na isinalin mismo ni Rizal sa Español. Tingnan ang Jose Rizal, “*Arte Metrica del Tagalog*,” nasa *Poetikang Tagalog, Mga Unang Pagsusuri sa Sining ng Pagtulang Tagalog*, Virgilio S. Almario, ed., Quezon City: Sentro ng Wikang Filipino, 1996, mp. 47-57.
- 19 Rizal, nasa *Poetikang Tagalog*, p. 50.
- 20 Basahin ang Virgilio S. Almario, *Balagtasismo Versus Modernismo: Panulaang Tagalog sa Ika-20 Siglo*, Quezon City: Ateneo de Manila University Press, 1984.
- 21 Lope K. Santos, “*Peculiaridades de la poesia tagala*,” nasa Almario, *Poetikang Tagalog*, mp. 60-159.
- 22 Norberto L. Romualdez, *Bisayan Grammar and Notes on Bisayan Rhetoric and Poetics and Filipino Dialectology*. Tacloban: Pagpahayag Co., 1908. Muling inilathala ng Komisyon sa Wikang Filipino, 2013. Ginamit ang edisyon ng KWF na may salin sa Filipino.
- 23 Sagnong 2 ng tula ni Casiano Trinchera, “Malingoon nga Gugma,” nasa Victor N. Sugbo, *Tinipigan*, Manila: NCCA, 1995.
- 24 Tingnan ang Introduksyon ni Merlie M. Alunan sa *Mga Siday han dyVL*, Manila: NCCA, 2005.
- 25 Alunan, *Mga Siday*, p. 4.
- 26 Romualdez, p. 229.
- 27 Huling sagnong ng “Despidida kan Kirikay” ni Eduardo Makabenta, nasa Jose Duke S. Bagulaya, *Writing Literary History, Mode of Economic Production and Twentieth Century Waray Poetry*, Quezon City: UP Press, 2006, p. 232.
- 28 Unang sagnong ng “Pagpalabi sa Isigkatawo, Kaaway san Pagpaubos” ni Andikula (pseud.), sa Bagulaya, p. 212.
- 29 Alcina, p. 48.
- 30 Almario, “Ang Unang Panahon ng Pagsusuri sa Katutubong Pagtula,” introduksiyon sa *Poetikang Tagalog*, p. ix.
- 31 Nakita kong may salin ng *Florante* sa Wikang Waray sa isang listahan ng iba’t ibang salin ng naturang akda, hindi ko lang maalala kung sino ang nagsalin at kailan ito nalathala, nawawala ang notes ko, hindi rin ako nakahanap ng kopya sa National Library nang magpunta ako doon. Dadagdagan ko ang notes na ito sa susunod.